Abril 21, 2026 Kautusang Tagapagpaganap
2026-04

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP UPANG PROTEKTAHAN ANG INTEGRIDAD AT TIWALA NG PUBLIKO SA PAMAHALAAN NG ILLINOIS LABAN SA INSIDER TRADING NA DULOT NG PAGPUPUSTA SA MGA PREDICTION MARKET AT EVENT CONTRACT

SAPAGKAT, ang etikal, epektibo, at tapat na pamahalaan ay nangangailangan ng tiwala at kumpiyansa ng publiko sa integridad ng mga ahensya at kawani ng pamahalaan, at ang mga kawani ng pamahalaan na gumagamit ng kanilang mga opisyal na posisyon at akses sa hindi pampublikong impormasyon para sa pansariling kapakinabangan ay may nakasisira at nakasasamang epekto sa tiwala at kumpiyansa ng publiko sa pamahalaan; at,

SAPAGKAT, ang serbisyo publiko ay hindi dapat maging isang paraan para sa pansariling pagyaman at kalamangan batay sa akses sa hindi pampublikong impormasyon; at,

SAPAGKAT, ang Seksyon 50-50 ng Illinois Procurement Code (30 ILCS 500/50-50) ay nagtatakda na
labag sa batas para sa sinumang kasalukuyan o dating halal o hinirang na opisyal ng Estado o kawani ng Estado na sadyang gamitin ang kumpidensyal na impormasyon na makukuha lamang sa pamamagitan ng katungkulan o trabahong iyon para sa aktuwal o inaasahang pakinabang para sa kanilang sarili o ibang tao; at,

SAPAGKAT, ang tiwala at kumpiyansa ng publiko sa etika at integridad ng pamahalaan ay nasisira kapag ang mga kawani ng pamahalaan ay gumagawa ng mga kilos na lumalabag sa batas ng Illinois at salungat sa pinakamabuting interes ng Estado; at,

SAPAGKAT, walang karapatan sa ilalim ng batas ng Illinois na makilahok o kumita mula sa pagsusugal sa pamamagitan ng kontrata o anumang paraan, *J&J Ventures Gaming, LLC v. Wild, Inc.*, 2016 IL 1198760, ¶ 26; at,

SAPAGKAT, ang mga prediction market na umusbong at patuloy na lumalaganap ay nagbibigay-daan sa mga mamimili na magpusta ng pera sa tinatawag na event contracts na sumasaklaw sa mga paksa gaya ng mga aksyon ng pamahalaan, palakasan, paligsahan at mga palabas ng parangal, mga laro, halalan, politika, mga pandaigdigang gawain, at kulturang pop; at,

SAPAGKAT, ang mga prediction market at event contracts na sumasaklaw sa mga aksyon ng pamahalaan, palakasan, paligsahan at mga palabas ng parangal, mga laro, halalan, politika, mga pandaigdigang gawain, at kulturang pop ay walang anumang makabuluhang pangangasiwa ng regulasyon, mga kinakailangan sa pagpapatupad o sa paglilisensya upang maiwasan ang insider

trading at manipulasyon ng merkado, mapangalagaan ang mga parokyano, matulungan ang mga may problema sa pagsusugal, limitahan ang akses sa mga menor de edad, o matukoy at mapigilan ang kriminal na aktibidad; at,

SAPAGKAT, ang patuloy na paglitaw ng mga hindi regulado at hindi napipigilang prediction market at event contracts na sumasaklaw sa mga aksyon ng pamahalaan, palakasan, paligsahan at mga palabas ng parangal, mga laro, halalan, politika, mga pandaigdigang gawain, at kulturang pop ay nakapipinsala sa interes ng publiko at sumisira sa legal at mahigpit na reguladong mga merkado ng pagsusugal ng Estado; at,
SAPAGKAT, ang tiwala at kumpiyansa ng publiko sa etika at integridad ng pamahalaan ay nanganganib kapag ginagamit ng mga kawani ng pamahalaan ang kanilang mga opisyal na posisyon at akses sa hindi pampublikong impormasyon para sa pansariling kapakinabangan sa pamamagitan ng pakikilahok sa prediction market at event contract ng anumang uri;

KAYA, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa bisa ng kapangyarihang ehekutibo na ipinagkaloob sa akin ng Konstitusyon ng Illinois at ng mga batas ng Estado ng Illinois, at alang-alang sa pagpapatibay ng umiiral na mga kinakailangan sa etikal na pag-uugali at higit pang pagprotekta sa integridad at tiwala ng publiko sa pamahalaan ng Illinois, ay nag-uutos ng mga sumusunod:

1. Ang “Ahensya ng Estado” ay tumutukoy sa anumang tanggapan, kagawaran, ahensya, lupon, komisyon o awtoridad ng Sangay Ehekutibo ng Estado ng Illinois. Ang “Kawani ng Estado” ay tumutukoy sa sinumang empleyado, opisyal, hinirang o miyembro ng lupon ng anumang Ahensya ng Estado.

2. Walang Kawani ng Estado ang maaaring gumamit ng hindi pampublikong impormasyon na nagmula sa kanilang posisyon bilang Kawani ng Estado o nakuha mula sa kanilang pagtupad ng kanilang mga opisyal na tungkulin bilang Kawani ng Estado kaugnay ng pakikilahok sa prediction market o event contract ng anumang uri.

3. Walang Kawani ng Estado ang maaaring gumamit ng hindi pampublikong impormasyon na nagmula sa kanilang posisyon bilang Kawani ng Estado o nakuha mula sa kanilang pagtupad ng kanilang mga opisyal na tungkulin bilang Kawani ng Estado upang tulungan ang sinumang ibang tao kaugnay ng pakikilahok sa prediction market o event contract ng anumang uri.

4. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang dapat ipakahulugan na sumasalungat sa alinmang batas o regulasyon ng pederal o ng Estado. Wala ring anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa umiiral na mga kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensiya ng estado.

5. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipawalang-bisa ng anumang hukuman na may kaukulang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang pinawalang-bisang probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idinedeklarang maaaring paghiwalayin.

6. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad pagkahain nito sa Kalihim ng Estado.

_____
JB Pritzker
Gobernador

Inilabas ng Gobernador: Abril 21, 2026

Inihain sa Kalihim ng Estado: Abril 21, 2026